Ulat sa Bayan

of

Honorable Edwin D. Santiago

Mayor of City of San Fernando, Pampanga

[*Delivered at the Mini Cnvention Center of the Heroes Hall, City of San Fernando, Pampanga on August 07, 2014*]

Magandang umaga.

Maraming salamat sa inyong pagdalo sa araw na ito.

Ang ulat ko ngayon ay handog ko bilang pasasalamat at pagpapahalaga sa tiwala na binigay ninyo sa akin.

Kaya mula sa puso ng inyong abang lingkod, narito ang ating nagawa sa nakalipas na taon.

Bilang lider, pangarap ko sa San Fernando ay maging isang malinis at kaaya-ayang syudad kung saan ang mga Fernandino ay sama-samang kumikilos tungo sa kaunlaran.

Ang hangarin ng bawat isa ay hindi para sa kapakanan ng sarili kundi para sa buong lipunan.

Efficient and effective governance. Ito ang prinsipyo ng aking pamamahala.

Ang aking hangad para sa Fernandino ay inclusive growth and development. Dapat maramdaman ng lahat ang pag-unlad.

Ito ang diwa ng aking 12-Point Agenda. At ang aking panawagan ay “Fernandino ing mumuna, Fernandino ing manimuna.”

Naniniwala ako na kayang gawin ito ng Fernandino dahil likas sa atin ang naisin na manguna. Ang hangad natin ay excellence. Angkinin natin ang layuning ito at sama-sama tayong kumilos ayon sa ating 12-Point Agenda.

Una sa lahat ang **Employment** ang paglikha ng sapat na pangkabuhayan para sa mga Fernandino.

Sa pagsisimula ng ating administrasyon, nalaman natin na halos one-third or less than twenty thousand na pamilyang fernandino ang walang sapat na kakayahan upang mapag-aral ang mga anak hanggang sa kolehiyo at matugunan ang pangangailangang medikal.

Apat na libo sa kanila ang salat sa kabuhayan at hindi matustusan ang pang-araw-araw na pagkain at pagpapa-aral.

Salamat sa tulong ng Pantawid Pamilya Program, unti-unti nating napapa-angat ang antas ng pamumuhay ng ating mahihirap.

Masigasig tayo sa pagsasagawa ng mga job fairs at livelihood programs sa pamamagitan ng ating City Employment Service Office.

Sa mga tumugon sa ating job fairs mula July 2013, mahigit sa 75% ang nagkaroon ng trabaho.

Sa loob ng isang taon, lagpas sa isang libong Fernandinos ang nakinabang sa mga livelihood programs.

Upang matiyak natin na ang kakayahan ng Fernandino ay angkop sa pangangailangan ng mga employers, inilunsad natin ang JobStart program.

Katuwang natin ang Department of Labor and Employment, Asian Development Bank, at ang Canadian government. Isa ang San Fernando sa apat na pilot areas nito.

Tinitiyak ng JobStart na ang mga bagong graduates at mga unemployed ay makapag-hanáp ng trabaho.

Sa katunayan, 854 na aplikante ang kasalukuyan nasa career and guidance and employment coaching status. Sila ay sumesweldo na habang nagsasanay pa lamang.

Hangad natin na ang mga Fernandino ay maging mga entrepreneur o mamumuhunan upang makatulong sa pagdami ng hanapbuhay. Sa ilalim ng Sustainable Livelihood Program, maliban sa mga trainings at seminar, tayo ay nagbibigay ng capital assistance.

Patuloy din ang ating pakikipag-ugnayan sa mga Cooperatives para lalong lumago ang Small and Medium Enterprises sa lungsod.

Sa nakaraang taon nakapag-hikayat tayo ng mahigit siyam-na-raang bagong negosyo na nakapagbigay ng trabaho sa mahigit dalawang libong Fernandino.

Sa City College, halos 100% ang nakapagtapos ng four-year course.

Lahat naman sa technical vocational courses ay gumraduate.

Ang magandang balita, 85% ng 2014 graduates ay nagtatrabaho na ngayon.

Dumako tayo sa **agenda number 2**: ang **Environment** o ang ating kapaligiran.

Naniniwala ako na ang kaunlaran ay pwedeng makamtan nang hindi binabale-wala ang kalikasan.

Kaya prayoridad ko ang pangangalaga sa kapaligiran at kung paano maiwasan o mabawasan ang epekto ng Climate Change na syang problema sa buong mundo ngayon.

More than 17,000 trees were planted since July last year.

Inatasan natin ang City Environment and Natural Resources Office at City Agriculture and Veterinary Office na siguraduhin ang pagpapalago ng mga ito.

Kasama rito ang 700 mahogany na ating itinanim sa dating dumpsite sa Barangay Lara.

Gusto natin na mabago ang anyo ng dating tambakan ng basura. Gagawin natin itong isang eco-park, isang magandang pasyalan para sa atin at sa mga bisita.

Tiyak na kung saan man may tao, susunod ang negosyo.

Pagdating sa enerhiya, pangarap natin ang alternative sources tulad ng solar power, waste to energy technology at organic fertilizers.

Kung basura naman ang pag-uusapan, sumusunod tayo sa Republic Act 9003 o ecological solid waste management act. We are the first LGU na nagpatupad nito.

Dahil sa “no segregation, no collection” policy, naibsan ng malaki ang ating problema sa basura.

Naglaan tayo ng pondo para sa mga Materials Recovery Facility o MRF sa lahat ng barangay. Meron ding MRF sa mga eskwelahan at subdivision dito.

Sa nakaraang taon, nagbayad tayo ng four million pesos bilang tipping fee. Kung walang segregation, tiyak na mas malaki ang ating binayaran.

Ang mga recyclables at disposables nabebenta natin sa mga junkshop. Ang hindi nabebenta o mga residuals ay dinadala sa sanitary landfill sa Capas, Tarlac.

Pagtulungan nating mabawasan ang ating bayarin. Sa mga bahay pa lamang natin, mag-segregate na tayo ng husto ng ating basura.

We declared the month of January as desilting month bilang paghahanda sa mga bagyong parating. Hindi pa man nag-uumpisa ang tag-ulan, maayos na ang ating mga kailugan, sapa, at iba pang daluyan ng tubig. Ang resulta, very minimal ang epekto ng bagyong Glenda at Henry.

Tinatag natin ang San Fernando River Management. Ganun din ang River Patrol na araw-araw nagmomonitor ng kalagayan at naglilinis ng ating kailugan.

Bibili tayo ng karagdagang gamit para laging ligtas sa pagbaha ang ating syudad.

Meron tayong barangay sanitation brigade. Katuwang ng health office, sila ang mga volunteers na nag-iikot sa barangay. Tumutulong sila sa pag-inspect ng mga canal, drainage at mga sanitation facilities sa mga bahay upang maiwasan ang sakit tulad ng dengue.

Ang Kawal ng Kalikasan naman ang mga volunteers na nagmamasid sa kapaligiran upang matiyak na tinutupad natin ang mga batas ukol sa environment.

Kaantabay natin ang Task Force KKK o Kaayusan para sa Kaunlaran at Kalikasan. Isa itong convergence ng mga volunteers mula sa pribado at pampublikong sektor, na tumitiyak na malinis at maganda ang ating major thoroughfares. Kasama dito ang pagkumpuni ng mga street lights / at mga traffic lights.

Naglagay tayo ng Air Quality Monitoring Equipment sa Heroes Hall. Kaakibat ng DENR, nalalaman natin ang kalidad ng ating kahanginan.

Pinopromote din natin ang paggamit ng bisikleta. Nakakatulong ito para mabawasan ang air pollution at bilang exercise para sa atin.

Ang Lazatin Boulevard ay una sa ating magiging bicycle-friendly roads.

Ang **Kalusugan** ay ang pangatlo sa aking agenda.

Ito ay kayamanan. Mas binibigyan natin ng pansin ang pag-iwas sa sakit. Ika nga, prevention is better than cure.

Namigay tayo ng Philhealth sa mga mahihirap at pina-accredit sa Philhealth ang ating medical facilities kaya naging abot-kamay ang mga health services natin.

Nabawasan ang bilang ng Philhealth beneficiaries ng LGU dahil inako ng National Government ang pag-enrol sa marami sa kanila.

Sa pangunguna ng City Social Welfare Office, kasalukuyan nating kinikilala ang tunay na mahihirap sa syudad upang maging Philhealth beneficiaries. Gusto nating matiyak / na ang karapat-dapat lamang ang na-i-enroll natin sa Philhealth.

Mayroon na tayo ngayon ng 13 Philhealth-accredited facilities na nagdudulot ng quality health services sa nangangailangan.

Tayo ay regular na nagbabakuna sa mga batang edad 0-15 months. Binibigyan din natin ng pansin ang kalusugan ng mga senior citizens.

Nakapag-bigay din tayo ng libreng bakuna para sa mga nakagat ng aso at pusa.

Ina-antabayanan natin ang mga nadapuan ng nakakahawang sakit tulad ng TB.
Pina-igting ang kampanya kontra dengue sa pangunguna ng Barangay Sanitation Brigade. Dahil dito, bumaba ang dengue cases ng 140%.

Minomonitor natin ang mga business establishment ayon sa health and sanitation standards at tinitiyak natin ang kalusugan ng kanilang empleyado.

Na-asikaso ang mahigit 44,000 na pasyente at nakapagbigay tayo ng mahigit 951,000 na iba't ibang uri ng gamot.

Dito sa atin, bago pa man isinilang ang mga sanggol, protektado na sila, salamat sa 44 Main Health Centers at Barangay Health Stations.

Sa ngayon, may tatlong birthing stations tayo na tumutugon sa ligtas na panganganak ng ating mga buntis.

Bumaba ang bilang ng mga namatay na sanggol at bata.

Pagdating sa maternal mortality rate, naibaba natin ito sa target natin na 0.19 nitong nakalipas na Hunyo.

Maraming salamat sa walang humpay na serbisyo ng ating City Health Office at mga Rural Health Units ng San Fernando.

Dumako tayo sa pang-apat na bagay sa ating agenda: ang **Edukasyon**.

Sa hanay na ito, nag-uumpisa tayo sa mga daycare centers. Inaalagan natin ang mga paslit at tinuturuan ng wasto at mabuting asal. Sa ganitong paraan, lalakí sila nang may matatag na pundasyon upang mamuhay ng marangal.

Nagbibigay tayo ng scholarships sa mga batang marurunong pero kapos sa buhay.

Sa ngayon, halos limang libo ang mga scholars ng syudad.

We encourage our scholars to take up criminology, midwifery o isa sa mga preferred courses.

Kulang kasi ang labor market natin ng mga bihasa tungkol dito.

Pag-usapan naman natin ang kalidad ng edukasyon dito sa San Fernando.

Para sa schoolyear 2013 to 2014, mataas ang rating sa National Achievement Test o NAT ng ating mga elementary graduates.

Ang mga graduates naman natin sa public high schools ay may improved NAT rating.

Dahil dito, naging Rank 2 ang San Fernando sa buong Central Luzon. Sabi nga ni Dr. Laya, ang ating Schools Division Superintendent, kung dati-rati tayo ang pumapalakpak, tayo na ngayon ang pinapalakpakan.

For schoolyear 2013 to 2014, nine out of 10 children finished elementary; eight out of 10 naman ang nakatapos ng high school, at sa City College natin, eight out of 10 ang naka-graduate.

Bumaba ang bilang ng mga nagdrop-out sa elementarya at sekondarya.

Malaki ang pondong ginugol sa ating mga integrated schools, City College at sa mga teachers para sa training, values formation seminars at bagong equipment na nakatulong ng husto sa pagtaas ng kalidad ng edukasyon sa ating syudad.

Ang pang-limang bagay sa ating agenda ay ang **Peace and Order.**

Sa bawat insidente, laging nariyan ang San Fernando Rescue Unit para umantabay at magsalba ng buhay kung kailangan.

Sa ngayon, mayroon tayong karagdagan na dalawang ambulansya na handang sumaklolo sa mamamayan, Fernandino man o hindi.

Kaya naman ang San Fernando Rescue Unit ay kinilala bilang 2nd Best Government Emergency Response Management in Central Luzon.

Mayroon tayong Local Disaster Risk Reduction and Management Plan. Regular ang pagsasanay at sapat ang pondo para sa City Disaster Risk Reduction.

I would like to congratulate our CDRRM Council for having been awarded as the Best in Central Luzon during the Regional Gawad Kalasag of the Office of Civil Defense.

Bumili tayo ng karagdagang equipment na kailangan nila upang mas maging mabilis ang kanilang pag-responde sa panahon ng kalamidad.

Ibinaba natin ang mga disaster programs sa grassroots level. Lahat ng 35 barangays ay may trained Barangay Rescue Units.

Nitong nagdaang bagyo, naging aktibo ang Emergency Operations Center.

Siniguro natin na may sapat na relief goods na nakaimbak bagama't walang kritikal na pagbaha sa syudad mula July 2013 hanggang ngayon.

Sa kabutihang palad, hindi natin kinailangan ito kundi nakapagbigay pa tayo ng P100,000 sa Bohol, P300,000 sa mga napinsala ni Yolanda sa Bisayas at P500,000 worth of relief goods sa Olongapo, Minalin, Sto. Tomas, Bacolor, Guagua at Arayat na nasalanta din ng iba pang mga kalamidad.

Panay ang pagbibigay natin ng mahalagang impormasyon tungkol sa kalamidad gamit ang ating mga social media pages sa internet.

Naipasa na ng Sangguniang Panlungsod ang Forced Evacuation Ordinance.

Kailan lamang, inumpisahan natin ang earthquake preparedness information campaign at ipinatupad natin ang "How Safe is my House?" survey.

Mahigpit ang pag-iisyu ng Fire Safety Inspection Certificate. Dahil dito, sa nakaraang taon, walang naitalang nasunog sa mga gusaling nabigyan ng clearance.

Inilunsad natin ang isang Drug Summit para sa mga barangay, katuwang ang Philippine Drug Enforcement Agency at ang Provincial Government.

Gusto nating palakasin ang ating laban sa illegal drugs.

Sinusuportahan natin ng pondo ang City Anti-Drug Abuse Regulars sa mga barangay. Sila ang mga volunteers na kaugnay ng PDEA sa laban kontra droga.

Fully operational na ang Women and Child Protection Center sa Sindalan. Isa tayo sa mga naunang LGU na nagpatupad nito.

Patuloy ang ating Kapulisan sa pagsugpo sa mga masasamang elemento na kadalasan ay dumadayo lamang sa ating lungsod.

Patuloy rin ang kanilang pagsasanay. Bilang suporta, dinagdagan natin ang kanilang kagamitan ng apat pang PNP mobile patrol units.

Tungkol naman sa kasalukuyang gulo sa Maimpis ang tanging magagawa ng city government ay tiyakin at panatilihin ang peace and order sa lugar na iyon at bigyan ng tulong ang sinumang nangangailangan nito.

I am also happy to report / that our Traffic Management Group was commended by the PNP / dahil sa pagtulong sa pagpapatupad ng Oplan Sita, Helmet Law, at Dragnet.

Nais kong gamitin ang pagkakataong ito upang himukin ang ating Kapulisan na pa-igtingin pa lalo ang peace and order sa syudad./ Binabalaan ko rin ang mga masasamang loob dito. Umalis kayo sa San Fernando!

Pupunta na tayo sa pang-anim na bagay sa 12-Point Agenda: **E-Governance.**

Ayaw natin ng Red Tape at makupad na style ng paglilingkod. Ang gusto natin ay yung malinis, mabilis at madaling maintindahan ng mga Fernandino.

Kaya niyakap natin ang computerization para sa mga transakyon sa city hall, lalo na yaong front-line at regulatory services natin.

Seven core processes in the LGU are IT-enabled; 27 application systems ay na-install, at 48 processes ang ISO-certified.

Kasama na rin dito ang Fernandino Access Card. Dahil dito mabilis na maibaba ang serbisyo ng gobyerno sa mga barangay.

Lahat ng ito ay nakakatulong sa pag-ayon natin sa Full Disclosure Policy ng DILG. Tunay tayong nagiging transparent sa lahat na transaksyon ng city hall.

Kaya naman ang San Fernando ay ginawaran ng maraming pagkilala both on local and national levels.

Isa nito ang Most Successful LGU in the implementation of BPLS Reforms.

Kailan lamang, kinilala ang San Fernando sa buong Pilipinas para sa kahandaan nito sa E-Governance.

Inaasahan natin na mabuo na ang bagong Geographic Information System at isang data center bago matapos ang taon.

Government transactions will become more transparent because all information will be reflected through the GIS.

Lahat ng ating ginagawa ngayon ay bunsod ng ating hangad para sa malinis na pamamahala. Sa E-Governance, wala kang maitatago dahil lahat ng impormasyon ay abot-kamay na.

Pang-pito: **Pagtiyak ng sapat na pagkain o long-term food security measures**

Ayaw natin na may nagugutom na Fernandino kaya target natin na maging supisyente sa pagkain. Kung anuman ang meron tayo ngayon sa agrikultura, lalo pa natin itong palakasin.

Ang land area ng San Fernando ay halos pitong libong ektarya.

Kwarenta porsyento nito ay para sa agrikultura pero kalahati lang ang pinakikinabangan ngayon.

Mula July 2013 hanggang June 2014, ang halaga ng ating palay production ay umabot sa 55.26 million pesos.

Umani tayo ng may 56 metric tons ng tilapia na nagkahalaga ng apat na milyong piso.

Maliban dito, tayo ay may produktong mais, tubo, karne, manok, gulay, at iba pang high value crops.

Ang pagbibigay ng makabagong equipment para sa mga magsasaka ay ilan lamang sa mga ayudang binigay natin sa agricultural sector.

Gumastos tayo ng halos dalawang milyong piso para agricultural inputs tulad ng mga buto at punla, pataba, at kagamitan sa pagsasaka.

Isinusulong din natin ang paggamit ng organic farming techniques backyard gardens at gulayan sa mga barangay at mga paaralan.

Dahil sa nagiging popular ngayon ang organic food, nagtayo tayo ng isang organic trading post sa bagong palengke.

Dito makikita at mabibili ang iba't ibang uri ng pagkain tulad ng karne, gulay at prutas na hindi ginamitan ng kemikal na pataba o chemical fertilizers. Kaugnay natin dito ang mga magsasaka na bibigyan natin ng ayuda, at ang department of agriculture.

Samantala, halos 30,000 ang nakinabang sa pagbabakuna ng mga companion at farm animals bilang bahagi ng disease eradication program.

Pangwalo ang **ating mga Senior Citizens.**

Kung ano man ang mayroon tayo ngayon, utang natin sa ating matatanda. Dapat pag-ukulan sila ng sapat na atensyon. Balang araw, tayo ay tatanda rin.

Sa ngayon, mahigit 22,000 ang registered Senior Citizens sa San Fernando.

Gumagawa tayo ng paraan para makapag-enjoy sila. Ipinatupad natin ang ordinansa na nagbibigay sa kanila ng libreng pases sa mga sinehan.

Naglaan din tayo ng sasakyang pang-service para hindi sila mahihirapan dumalo at makilahok sa mga aktibidades ng City Government.

Sila ay ating binabakunahan upang masiguro ang kanilang kalusugan.

Sa loob lamang ng nakalipas na taon, higit sa apat na libo ang nakinabang sa proyektong "Protektado si Lolo at Lola sa Serbisyong Pangkalusugan,"

Bukod pa sa mga binigay sa kanila ng libre na mga vitamins at gamot pang-maintenance.

Dito sa San Fernando, kayo pong mga Senior Citizens ay aming Senior-rito at Senior-rita.

Pang-siyam ay **Empowerment of the Citizenry**

Bilang tanda ng epektibong pamamahala, pinulong natin muli ang Local Development Council.

Mahalaga ang partisipasyon ng iba't-ibang sangay ng gobyerno at ng pribadong sektor, pati na ng mga barangay na kasapi ng LDC.

Kasama sila sa pagpaplano para sa kaunlaran ng ating komunidad, pati na kung paano gagastusin ang pondo ng syudad.

Patuloy din ang partisipasyon ng Multi-Sectoral Governance Council o MSGC. Malakas at maganda ang ugnayan natin.

Kaya malaki ang aking pasasalamat sa kanila dahil sa tulong nila, mas naging buo ang partisipasyon ng ating mamamayan sa mga programa at aktibidad ng ating gobyerno.

Ika-sampu ang **Ethical Fernandinos.**

Ang matagumpay na San Fernando ay bunga ng mga Fernandinong may malasakit sa kapwa at may pananampalataya sa Diyos.

Hindi lang talino at galing ang mahalaga. Importante na sabay na gumagana ang ating puso at kaisipan. Sa ganitong paraan, mas malayo ang ating mararating.

Nagkaroon tayo ng Values Formation seminar at inumpisahan ko ito sa City Hall.

Nagsagawa din tayo ng seminar on Developing Effective Study Habits sa mahigit dalawang libong scholars natin.

Pati mga magulang nila ay ating binigyan ng Values Formation Seminar.

Nagbigay din tayo ng kaugnay na seminar sa ating mga guro upang makatulong sa paghubog ng karakter ng mamamayan.

Nais ko na ang bawat Fernandino ay magpamalas ng kagandahang asal at magkaroon ng mahalagang misyon sa buhay na kanyang gagampanan nang may buong dedikasyon.

Pang-labing isa ang **Economic Development.**

Limitado ang pondo sa umpisa ng aking administrasyon at ito ay nagsilbing hamon sa aking panunungkulan.

Naglaan tayo ng oras upang mabalikan at mapag-aralan ang ating “budget”. Nagkaroon din ng Organizational and Operations Review sa bawat departamento ng City Government.

Ang buong budget ng syudad for 2013 ay 1.236 billion pesos. Pero ang income collection natin sa loob ng buong taon ay umabot lamang ng P986 million. P937 million naman nito ay ginamit upang maipatupad ang mga programang naipaloob sa nasabing budget.

Napanatili natin na walang Cash Overdraft ang siyudad dahil naghigpit tayo ng sinturon at dahil sa mga value-for-money initiatives ng ating administrasyon.

With proper projection of Realizable Income, ang 2014 budget ay nasa 1.174 billion pesos, mababa ng 5% sa 2013 Budget. Ito ay dumaan sa Revenue Review ng bawat income-generating office.

Buwan-buwan, may nagaganap na ExeCon Monthly Variance Meetings para ma-monitor ang paggamit ng pondo. Natitiyak din na ang Funds Released ay may karampatang Cash Availability.

100% Compliant tayo sa Full Disclosure Policy ng Department of Interior & Local Government o DILG na siyang nagtatalaga ng mga polisiya ukol sa malinaw at mabuting pamamahala.

As of June 30 this year ang nakolekta sa ating 2014 Projected Income ay 55 percent or 649 million pesos. Tumaas ito ng 9% kumpara noong June 30, 2013. Pero nanatiling mababa ito kaysa sa 19% ng ating Projected Increase of Income for 2014.

Walang Tax Increase sa City of San Fernando! Sa halip, pinaigting at masusing pinag-aralan natin ang mga strategy sa pagpapalawak ng Tax Base ng City Government tulad ng Investments Promotion, Discovery & Identification of Taxable Units, at sa pamamagitan ng pagbayad ng kaukulang buwis at bayarin ng bawat isa sa atin.

Nagkaroon ng pagtaas sa bilang ng mga negosyong nagrenew ng permit sa taong ito.

Simula Hunyo ng nakaraang taon, meron tayong naitalang mahigit isang libo na bagong negosyo with total investments of more than 700 million pesos.

Mahigit sa 7,000 naman ang naitalang business renewals na may kabuuang puhunan na 57 billion pesos.

Ang mga nasabing negosyo ay nagbigay daan upang ma-empleyo ang mahigit sa 35,000 na mamamayan.

Sa tulong ng bagong investment code, maraming kumpanya ang nahikayat mamuhunan sa syudad tulad ng Azure Properties Orchid Garden Hotel and Resort Best Western Hotel Vivida Properties at Amaia Scapes ng Ayala Land.

Maliban sa mga ito, may mga kapitalistang gustong magtayo ng mga pabahay dito sa atin.

Kailangan sa pagyabong ng ekonomiya ang mga magagandang roads and highways. Kaya naman marami tayong mga proyekto para dito.

Isa rito ang higit sa 12-kilometer Aquino Byway Tourism Road. Mag-uumpisa ito sa Mega Dike, dadaan ng Del Rosario, Calulut, at NLEX patungo sa bayan ng Mexico.

This is a 500-million-peso project. Dahil dito, makapagbigay tayo ng panibagong economic opportunities sa mga Fernandino.

Sa tulong ng DPWH, naipatayo ang mga imprastraktura tulad ng mga pedestrian overpass.

Hiniling natin na lagyan ng elevator ang mga overpass para maging conveniente sa lahat.

Naaayon lahat ng pagkilos natin sa isang Master Development Plan dahil nais natin na ang kaunlaran ng San Fernando ay makakalikasan at pangmatagalan.

Huli man sa ating agenda, mahalaga ang **pagpapayabong ng ating turismo at kulturang Fernandino.**

Ang Fernandino ay likas na konserbatibo at maka-pamilya. At talagang masarap magluto.

Ang mga kaugaliang ito ay maaaring maging puhunan natin sa pag-akit ng mga bisita o turista dito sa ating lungsod.

Masaya akong iulat sa inyo na humigit sa doble ang visitor arrivals natin sa taong ito.

Kung ikumpara natin, sa loob ng anim na buwan o January to June last year, may mahigit 51,000 ang ating visitor arrivals.

Mula January to June this year, naitala na mahigit 115,000 ang visitor arrivals sa lungsod.

Patuloy nating pinapahusay ang ating mga festivals tulad ng Ligligan Parul at Maleldo.

Nagsisikap tayo na gawing global ang ating giant lanterns. Last year, naparating natin ito sa China at Honululu, Hawaii.

Para sa inyong kaalaman, may isang librong ginagawa ngayon tungkol sa kasaysayan ng mga barangay ng San Fernando.

Inaasahan na ito ay makakatulong upang lalo nating makikilala at maintindihan ang ating pinanggalingan at kultura.

Dalawampung barangay na ang napasailalim sa tinatawag na cultural mapping para makakalap ng tamang impormasyon tungkol sa ating kasaysayan.

Itinatag natin ang Tourism Council upang bumuo ng Tourism Development Plan.

Binigyan natin ng tourism-guiding seminars ang mga nagka-kalesa at mga tri-wheeler drivers. Balang araw, sila na mismo ang magiging tourist guides sa ating mga bisita.

Mapaunlad natin ng husto ang industriya ng turismo. Magpursige lamang ang lahat na maipamalas sa mundo ang kagandahan ng pagkatao at kultura ng mga Fernandino.

Isang gawain na hindi natin kinaliligtaan tuwing Biyernes ay ang Kapihan at Talakayan sa Barangay.

Pumupunta tayo sa barangay upang makahalubilo ang ating kapwa Fernandino.

Hindi na kailangan pang pumunta sa City Hall. Tayo mismo ang lumalapit sa mamamayan upang maghatid ng mga pangunahing serbisyo.

Paraan din ito upang marinig ang mga panawagan ng bawat Fernandino at ma-align ang development program ng city government sa bawat barangay.

Ang kanilang mga hinaing at mga problema ay binibigyan natin ng lunas sa abot ng ating makakaya.

Para sa akin, walang nakaka-pagpalakas pa ng loob kundi ang makasama ang aking mga pinagsisilbihan. Sa kanila ko hinuhugot ang inspirasyon upang mapalawig ang aking serbisyo bilang lingkod bayan.

Imagine San Fernando as a green and sustainable city. Sino ang hindi gustong magkaroon ng tulad ng mga ito: parks, library, livelihood center, senior citizen center, terminals, at iba pa.

Lahat ng ito ay ayon sa ating isusulong na Master Development Plan, kasama ang capital investment and tourism development plan.

We want an urban renewal that is based on green development. We want to progress without sacrificing the environment.

Mga kabalen,

Magtulong-tulong tayo sa pagsulong ng ating syudad.

Akayin natin ang isa’t isa. Mangibabaw sana sa atin ang pagmamalasakit sa kapwa.

Kung ang bawat Fernandinong nakakaangat sa buhay ay magtaguyod ng isang kapos --- isa lamang --- walang mahirap sa San Fernando. Walang maiiwan.

Samahan ninyo ako sa pagtupad ng isang pangarap para sa ating syudad.

Dahil higit sa lahat Fernandino First!

Luid ya ing San Fernando!

Dakal pung salamat!